

WARM-UP

- Ano ang isang batas o alituntunin na nahihirapan kang sundin? Bakit?
- May panahon ba na binigyan ka ng mga alituntunin na hindi mo lubos na nasunod? Ano ang nangyari dahil dito?
- Ibahagi ang isang pagkakataon na kinailangan mong gawin ang isang bagay na hindi mo gusto. Paano nakaapekto ang naramdaman mo sa mga ginawa mo?

WORD *²⁸Ang pagka-Judio ng isang tao ay hindi dahil sa Judio ang kanyang mga magulang at tuli siya sa laman. ²⁹Ang tunay na Judio ay ang taong nabago ang puso sa pamamagitan ng Espiritu, at hindi dahil tuli siya ayon sa Kautusan. Ang ganyang tao ay pinupuri ng Diyos kahit hindi pinupuri ng tao. **MGA TAGA-ROMA 2:28,29***

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 2:17-27.**)

Pinili ng Diyos ang mga Judio bilang Kanyang mga mamamayan. Sila ang mga unang nakatanggap ng Kautusan ng Diyos at nangalaga dito sa pamamagitan ng pagsunod at pagpasa ng mga ito sa kanilang mga anak. Ang pagtutuli ay isang palatandaan na nagbibigay sa isang lalaking Judio ng katiyakan at pagtitiwala na siya ay kabilang sa mamamayan ng Diyos (Genesis 17:9-12). Sinabi ng mga Judio na ang pagtutuli ay kailangan kahit ng mga hindi Judio upang makasiguro sila sa kanilang kaligtasan. Sa pahayag na ito, itinama ni Pablo ang isang maling kaisipan sa pamamagitan ng pagsabi na hindi ang panlabas o pisikal na pagtutuli ang nakapagliligtas at nakapaglalagay sa 'tin sa tamang ugnayan sa Diyos kundi ang pagbabago ng puso sa *pamamagitan ng Espiritu*. Ngayon, titignan natin ang dalawang katotohanan tungkol sa Kautusan ng Diyos na nais ni Pablo na maintindihan ng mga Judio.

1 **Dapat nating alamin at ituro ang mga utos ng Diyos, ngunit mas higit na mahalaga ang pagsunod natin sa mga ito.**

²³Nagmamalaki kayo na nasa inyo ang Kautusan ng Diyos, pero ginagawa ninyong kahiya-hiya ang Diyos dahil sa paglabag ninyo sa Kautusan. ²⁴Sinasabi sa Kasulatan, “Dahil sa inyo, nilalapastangan ng mga hindi Judio ang pangalan ng Diyos.” ²⁵Nagtitiwala kayo na kayo ang mga taong pinili ng Diyos dahil kayo’y tuli. May halaga lang ang pagiging tuli kung sinusunod ninyo ang Kautusan. Pero kung nilalabag naman ninyo ang Kautusan, para na rin kayong mga hindi tuli.

MGA TAGA-ROMA 2:23–25

Ipinagmalaki ng mga Judio na alam at sinusunod nila ang mga kautusan ng Diyos. Itinuring nila ang pagkatuli bilang isang sagisag o tatak na nagpapatunay na sila ay may tamang ugnayan sa Diyos at kabilang sa Kanyang mamamayan. Gayunpaman, tulad ng mga hindi Judio, ang mga Judio ay hindi lubos na sumunod sa kautusan. Bilang bunga ng kanilang pagkukunwari, *nilalapastangan ng mga hindi Judio ang pangalan ng Diyos*—ang mga Judio na dapat magpahayag kung sino ang Diyos sa mga hindi mananampalataya ay nabigong parangalan Siya sa paraang karapat-dapat Niyang matanggap. Sinabi ni Pablo na ang kaalaman sa kautusan ng Diyos ay kapaki-pakinabang lamang kung ang mga ito ay sinusunod, at ang mga susuway ay tulad lang din ng mga hindi tinuli. Ayon sa Lucas 6:46–49, bakit mahalaga na sundin natin ang mga utos ng Diyos?

2 **Ang pagkakaroon ng tunay na ugnayan sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga utos ay dapat na mula sa puso.**

²⁸Ang pagka-Judio ng isang tao ay hindi dahil sa Judio ang kanyang mga magulang at tuli siya sa laman. ²⁹Ang tunay na Judio ay ang taong nabago ang puso sa pamamagitan ng Espiritu, at hindi dahil tuli siya ayon sa Kautusan. Ang

ganyang tao ay pinupuri ng Diyos kahit hindi pinupuri ng tao.

MGA TAGA-ROMA 2:28,29

Ipinaliwanag ni Pablo na maaari tayong kumilos na tila mga Kristiyano at sa kabila nito ay hindi pa rin maging kalugod-lugod sa Diyos dahil sa kawalan ng tunay na ugnayan sa Kanya. Ang pagkakaroon ng tamang ugnayan sa Diyos ay hindi ayon sa panlabas o pisikal na pagsunod, kundi mula sa *puso sa pamamagitan ng Espiritu*. Nakikita ng Diyos ang ating mga puso at hinuhusgahan Niya ang mga motibo natin sa ating mga ginagawa. Dahil dito, magkakaroon lamang tayo ng tamang ugnayan sa Diyos at makasusunod sa Kanyang mga utos sa pamamagitan ng pananampalataya sa ginawa ni Jesus sa krus (Mga Taga-Efeso 2:8–10). Paano nabago ang pamumuhay mo ng kaalaman na hindi natin kailangang pagsumikapang makamit ang ating kaligtasan o kaya ay patuyan ang ating mga sarili sa Diyos?

APPLICATION

- Paano mo malalaman kung ikaw ay nagmamalaki na sinusunod mo ang Kautusan ng Diyos (Mga Taga-Roma 2:23)? May mga bahagi ba sa buhay mo na nagbibigay sa iyo ng katiyakan at papuri na mula sa ibang tao sa halip na sa Diyos? Paano lalago ang pananampalataya mo sa Diyos habang patuloy kang umaasa na magkakaroon ka ng kakayahan na mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya?
- May mga kautusan ba ang Diyos na sinusunod mo dahil obligado o napipilitan kang sundin ito? Paano magbabago ang paraan mo ng pagsunod sa Kanya dala ng kaalaman na ang tunay na pagsunod sa Diyos ay mula sa pagbabago ng puso?
- Isipin ang isang kaibigan o kapamilya na maaari mong hikayatin na sumunod sa Diyos nang maluwag sa kalooban at may kasiyahan. Mangakong ipapanalangin ang taong ito ngayong linggo.

